Magkaroon ng Bagong Buhay sa Ontario

Isang patnubay para sa mga bagong dating

ALAMIN:
ANG IYONG BAGONG TAHANAN AT KOMUNIDAD

Bilang isang bagong dating sa Ontario, maaaring marami kang mga katanungan.

Mabibigyan ka ng patnubay na ito ng karagdagang impormasyon tungkol sa:

- Paghahanap ng mga serbisyo sa iyong komunidad
- Paghahanap ng mga trabaho at training
- Pagpapahusay ng iyong kakayahan sa Ingles o Pranses
- Pagkuha ng maraming ibang uri ng tulong.

Ang simula

Kailangan ng panahon upang masanay sa isang bagong komunidad at sa isang bagong uri ng buhay. Ang ilang mga bagong dating ay mabilis at madaling masanay sa Ontario. Halimbawa, maaaring mayroon kang mga kaibigan o pamilya dito na makakatulong. Para sa iba, maaaring matagalan bago makapag-settle sa Ontario.

Saan makakakuha ng tulong

Settlement Services

Ang mga bagong dating ay madalas nangangailangan ng tulong, lalo na sa kanilang mga unang ilang buwan sa Ontario. Mahalaga ang malaman na maraming mga serbisyo ang makapagbibigay sa iyo ng tulong na kailangan mo. Ang mga serbisyong ito, na tinatawag na ‘settlement services’, ay makikita sa maraming komunidad sa Ontario. Sila’y libre, at madalas silang makapagbibigay sa iyo ng tulong sa iba’t-ibang wika. Ang mga ilang halimbawa ng mga paraan kung paano makakatulong sa iyo ang settlement services:

- Sumagot sa mga katanungan tungkol sa iyong bagong komunidad
- Tulong sa iyo na humanap ng trabaho o makakuha ng karagdagang training
- Paghahanap ng paaralan o child care
- Pagkuha ng mga serbisyo sa health care
- Paghahanap ng mga serbisyo ng gobyerno at komunidad na kailangan mo
- Pagsasalin ng mga dokumento o mga serbisyo sa pagsasalin
- Tulong sa iyo na maghanap ng mga klase sa wikang Ingles/Pranses
- Tulong sa iyo na humanap ng lugar na matitirahan
- Tulong sa iyo na sagutan ang mga pormularyo.

Paano makahanap ng settlement service malapit sa iyo

Ang karamihan ng mga komunidad sa Ontario ay may settlement service para sa mga bagong dating. Upang humanap ng isang serbisyo sa iyong komunidad, bisitahin ang 'After You Arrive' [Pagdating Mo] na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.

Isang Checklist: Ang Pag-settle sa Ontario

Eto ang ilan sa mga pinaka-karaniwang ginagawa ng mga bagong dating pagdating nila sa Canada. Ang settlement services sa iyong komunidad ay makakatulong sa mga ito at marami pang ibang mga maaaring dapat mong gawin:

- ✓ Maghanap ng matitirahan
- ✓ Mag-aplay para sa isang Social Insurance Number (SIN)
- ✓ Mag-aplay para sa isang Ontario health card (OHIP)
- ✓ Magbukas ng account sa bangko
- ✓ Makakuha ng impormasyon tungkol sa pagtratrabaho sa Ontario
- ✓ Maghanap ng mga serbisyong kailangan mo, malapit sa tahanan
- ✓ Maghanap ng isang doktor, dentista, o iba pang health services
- ✓ Tawagan ang isang employment centre upang matulungan kang maghanap ng trabaho
- ✓ Maghanap ng isang public library at iba pang mga serbisyo sa komunidad
- ✓ Makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang empleyado o tenant
- ✓ Maghanap ng paaralan para sa iyong mga anak
- ✓ Mag-aplay para sa Canada Child Tax Benefit (CCTB)
- ✓ Kumuha ng mapa ng iyong komunidad at matutunan kung paano gagamitin ng publikong transportasyon
- ✓ Maghanap ng mga klase para sa wikang Ingles o Pranses para sa iyo at sa iyong pamilya
- ✓ Alamin kung saan bibilhin ang mga bagay na kailangan mo
- ✓ Mag-aplay para sa isang Driver's Licence

Mga serbisyo sa language training

Dalawa ang opisyal na wika sa Canada, Ingles at Pranses. Mahalaga ang mayroon kang kakayahang makipag-usap sa wika ng iyong komunidad, at sa wikang ginagamit sa trabaho. Marami sa mga bagong dating ang nag-aral ng Ingles bago lumipat sa Ontario. Marami ring mga serbisyo sa Ontario na makakatulong sa iyo na pahusayin ang iyong Ingles o Pranses.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang 'Learn English' [Matuto ng Ingles] na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.

Ibang mga serbisyo para sa mga bagong dating

Maraming mga ibang uri ng mga serbisyo sa komunidad na maaaring makatulong sa iyo. Kabilang dito ang:

- Mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho
- Mga serbisyo sa edukasyon
- Mga public library
- Mga sentro ng impormasyon sa komunidad
- Mga health center sa komunidad
- Mga recreation center sa komunidad.

Mga serbisyo sa paghahanap ng trabaho

Maraming uri ng mga trabaho at karera sa Ontario. Tanungin ang iyong pinakamalapit na settlement service tungkol sa:

- **Mga workshop sa paghahanap ng trabaho**: na maaaring makatulong na pahusayin ang iyong kahusayang maghanap ng trabaho
- **Mentoring programs:** na makakatulong sa iyo na makatagpô ng taong nasa iyong propesyon
- **Work placement / internship programs:** na makakatulong sa iyo na makuha ang Canadian experience [karanasan sa pagtratrabaho sa Canada] na kinakailangan mo
- **Bridge training programs:** na makakatulong sa iyong i-upgrade ang iyong skills at mas mabilis na makapasok sa iyong propesyon.

Nagtratrabaho ka ba sa isang propesyon?

Dapat mong alamin ang lahat ng maaari mo tungkol sa pagtratrabaho sa iyong propesyon. Kung ikaw ay isang propesyonal, tulad ng isang doktor o isang guro, makakakuha ka ng tulong mula sa Global Experience Ontario (GEO): isang Access and Resource Centre for the Internationally Trained [Sentro na Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Binigyan ng Training sa Ibang Bansa]. Tumutulong ang GEO sa mga indibidwal na internationally trained na malaman kung paano maging kwalipikado para magpraktis ng propesyon sa Ontario. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa GEO at sa pagtratrabaho sa Ontario, bisitahin ang 'Working' na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.

Mga serbisyo sa edukasyon

Maaaring kailangan mong i-enrol ang iyong mga anak sa paaralan. O kaya'y maaaring gusto mong i-upgrade ang iyong sariling edukasyon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang 'Studying' na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.

Mga public library

Ang mga public library ay mahahanap sa karamihan ng mga komunidad sa Ontario. Marami silang serbisyong ibinibigay nang libre. Maaari kang sumali sa library malapit sa iyo upang humiram ng mga libro, musika, mga pelikula, at iba pang mga materyales. Ang ilang mga library ay may mga materyales sa iba't-ibang mga wika. Ang karamihan ng mga library ay makapagbibigay rin sa iyo ng libreng paggamit sa internet. Maraming mga library ang may mga programa na makakatulong sa iyo na makilala ang komunidad.

Community Information Centres

Ang Community Information Centres ay makakatulong sa iyo na humanap ng mga serbisyo kung saan ka nakatira. Mahahanap mo ang pinakamalapit na Community Information Centre sa iyo sa pamamagitan ng:

- Pag-dial ng 211 sa iyong telepono (kung nakatira ka sa Toronto, sa Niagara Region, o sa Simcoe County)
- Bisitahin ang 'After You Arrive' [Pagdating Mo] na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.

Community Health Centres

Ang Community Health Centres ay may mga serbisyo sa health care at pagtataguyod ng kalusugan sa iyong komunidad. Mayroon silang mga doktor, mga nars, dieticians, counsellors at community workers na nagtuturo at nagbibigay-payo tungkol sa iyong kalusugan. Mayroon din silang mga serbisyo sa youth support, seniors' outreach services, mga programa para sa magulang at bata, at mga programa sa community development.

Community recreation centres

Ang bawat lunsod sa Ontario ay may mga programa sa komunidad at public recreation centres na magagamit mo. Ang ilang mga sentro ay may skating arenas, mga pool o gym. Marami sa mga programa at mga pasilidad ang libre o may kaunti lamang bayad upang gamitin.

Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon

Nais mo bang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paninirahan, pagtratrabaho at pag-aaral sa Ontario? Bisitahin ang Ontario Immigration website sa:

www.OntarioImmigration.ca.